# CIC signs deal with CRBC to construct Cavitex C5 Link Segment 2




TWO giant infrastructure companies has joined to construct an expressway to reduce travel time to Sucat from Cavitex R-1 and vice versa by 10 minutes.

Cavitex Infrastructure Corp. (CIC), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corp. and the concession holder for the Manila-Cavite Expressway and its C5 Link segment, has signed a deal with China Road and Bridge Corp. (CRBC) to construct Phase 2 works at the Cavitex C5 Link Segment 2.

The Cavitex C5 Link Segment 2 is a 1.9-kilometer, 2 by 3 lane expressway that will connect Cavitex R-1 (Coastal Road) from Parañaque Toll Plaza to Sucat through R-1 Interchange.

A signing ceremony was held between the two parties with the CIC represented by its

*See page 2*

# VP Sara: Empower Filipina women

**by ADELA ZAMORA –** If women are given the chance to become productive and allow themselves to be given the power to study, "women can change the face of their communities!"

In her message t the celebration of International Women's Day, March 8, Wednesday, at Taguig City, Vice President and concurrent DepEd Sec. Sara Duterte related the story of Davao's Paquibato district, then a stronghold of the communist New People's Army from 1980s to 2016.

The VP who is also known for her monicker "Inday Sara", launched program "Peace 911" that taught Lumad women to grow and produce organic vegetables.

"I had to make decisive actions in the hope of finding solutions to the root cause of the problems hounding the community for decades," she added.

Inday Sara said that it is very important to strengthen the programs that will give maximum protection for women and children from all kinds of violence committed against them at home, workplaces and online communities.

To do this, as DepEd secretary, she formulated programs on child protection via the Learner Telesafe Contact Center.

In this center, children and learners can report cases of abuse, including online child sexual exploitation.

At the DepEdadded that she is making sure that teenage mothers who have dropped out of formal school to take care of their children and are given a second chance to finish basic education.

This can be done through the Alternative Learning System, or technical skills education through Technical Education and Skills Development Authority.

Empowering women, Inday Sara stressed is not solely a women's issue.

"Kasama sa layuning ito ang ating kalalakihan. And I am happy that Filipino men are now advocating for gender equality," the VP said.

She hopes that in the future, with the help and cooperation of Filipino men, "we can provide more digital opportunities for socioeconomic growth and gender empowerment" that will enable women to rise above any form of online violence affecting their mental and physical well-being."



BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 23 | 10.00 | MARCH 6 - 12, 2023

# Rep. Barzaga files resolution no. 829 to probe oil spill from sunken tanker

CAVITE 4th District Representative Elpidio 'Pidi' Barzaga Jr. had filed House Resolution No. 829 urging to look into the sinking of oil tanker (MT) Princess Empress, February 28 in the waters off Naujan, Oriental Mindoro.

Barzaga who chairs the House Committee on Natural Resources on Monday, March 6 said the oil spill has affected ten municipalities in Or. Mindoro.

Authorities said the tanker contained about 800,000 liters of industrialized fuel.

In his resolution, Barzaga said that the oil spill might affect 20,000 hectares of coral reef, 9,900 hectares of mangroves, and 6,000 hectares of seagrass."

The spill, it added "could possibly coat the marine habitats and animals...which can clog the gills of fish and marine invertebrates...damage the feathers of bird and fur of marine mammals," Barzaga said in the resolution.

The oil spill, the resolution said, has already caused severe damage in Oriental Mindoro, could also reach other coastal islands including Palawan, Antique and Romblon.

The vessel MT Princess Empress is an oil products tanker which is only a year old.

The Department of Environment and Natural Resources (DENR) has already announced last Monday that it has found the possible site of the capsized vessel which is about 1,200 feet below sea level. **/LOD BELTRAN**



**Kudos and more good accomplishment, Imus PNP!** P4
REVANZE
ni Domz B. CAOILE

**Kung walang Eva, paano si Adan, hehehe.** P7
Sa Ganang Akin
ni Adela R. ZAMORA

**RIP, Tau Gamma Phi** P3
My Cup of Coffee
ni Henry E. CAOILE

**Itaas ang sahod ng Cafgu** P3
Sigaw at Pananaw
ni Jojo SICAT

**Cavite History ituro sa mga paaralan!** P6
Sa Totoo Lang
ni Gene TARAPAN TAN

# Kadiwa ng Pangulo Para sa Manggagawa

As the Administration continues to provide programs that aim to cushion and counter the effects of inflation in the country, President Ferdinand R. Marcos Jr. launches a special Kadiwa ng Pangulo (KNP) outlet called 'KNP Para sa Manggagawa' at the Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) compound in Quezon City on March 8, 2023.

The KNP Para sa Manggagawa is an expansion of the highly successful Kadiwa program led by the Office of the President (OP) together with the Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Agriculture (DA), Department of Trade and Industry (DTI), Department of Social Welfare and Development (DSWD), National Food Authority (NFA) and local government units (LGUs).

The program aims to market more affordable and quality food commodities and non-food products for Filipinos, while at the same time, giving a platform and opportunities for local farmers, fisherfolks and micro, small and medium enterprises (MSMEs) to generate more income through a direct farm-to-consumer trade.

Participating in today's Kadiwa caravan are around 33 sellers from the DA, DTI, DOLE and sellers brought in by the Quezon City local government.

Likewise, DOLE is providing




wages for participating sellers under the Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) program. **/PIA Cavite FB Page**

# CIC signs...

*from page 1*

president and general manager, Raul Ignacio, and CRBC Philippine branch general manager Ren Xiaopeng.

Ignacio said that the Cavitex C5 Link is a vital segment of the Manila-Cavite Toll Expressway Project and so, it had managed to open 3.8 kilometers (Segment 3A1 and 3A2) to the motoring public, serving more than 16,000 vehicles daily.

"Still, we have a long way to go. This is something we cannot do alone, hence our search for a contractor that would be up for the task-delivering world-class quality infrastructure for our motorists within our timeline. We are glad that our new partner CRBC took on the challenge," Ignacio said.

The CRBC is a pioneer in the international engineering contracting market in China with a history of nearly 60 years.

CRBC concentrates on global civil engineering and construction projects such as roads, bridges, ports, tunnels, railways, municipal works, dredging and airports.

For nearly 30 years, CRBC is known for having done numerous projects in different regions in the Philippines.

These projects, CIC noted, have stimulated the growth of the regions with the firm's quality and on-time construction.

Ignacio said that the joint project of CIC and the CRBC aim to start Phase 2 of the Cavitex C5 Link Segment 2 in the first quarter of 2023.

The project is expected to open it to the public before the end of the year.

# PGC medical mission team in General Trias City



TO continuously ensure the well-being of GenTriseños, the health outreach team of the Provincial Government of Cavite (PGC) in coordination with 6th District Board Member Morit Sison has initiated a medical mission to the residents of Le Rica Subdivision at Brgy. San Francisco, Tuesday, March 7.

The Cavite PHO medical professionals, with Dr. Mary Jane Baculi and Dr. Promise Joy Trio as lead doctors, attended to the basic medical needs of two hundred nineteen (219) locals and advised the patients with the proper health care.

During the course of activity, Dr. Baculi and Dr. Tio also gave immediate care to a child who was pierced by a stick on his leg.

He was provided with anti-tetanus shot after cleaning his wound.

After the consultations, the residents received free prescribed medicine and vitamin supplements handed by the OPG-Extension staff.

The medical mission was attended and assisted by Councilor Walter Martinez, Barangay Health Workers of Sitio Elang, and Homeowner Association of Brgy. San Francisco. **/Provincial Information and Community Affairs (PICAD)**

# Cong Jolo busy...

*mula sa p.8*

korte, sa piskalya pa lang, shoot na agad sa basura.

Sa panalo ni Cong. Jolo, natapos din ang 27 years nang walang kakuwenta-kuwentang panunungkulan ng (mga) kongresistang naupo sa Distrito Uno.

@@@

Sana makauwi ako sa July this year nang personal kong mabati si Rep. Jolo sa kanyang panalo; hinihintay ko lang ang advice ng mga doktor ko kung fully recovered na ako sa aking (mga) sakit.

Salamat sa City Government of Vancouver and Burnaby at British Columbia Provincial Government, kahit dehins ako Canadian, ginagamot ako rito nang libre -- free ang prostate surgery, eye laser surgery, colonoscopy, leukemia treatment at iba pang karamdaman ko, pati lab test, mga gamot, gratis et amore.

Ganitong medical service program ang gustong maibigay ni Cong. Jolo sa kanyang ka-Distrito, kaya inaapura niya na gawing District Hospital ang Kalayaan Hospital sa Kawit sa loob ng unang termino niya sa Kongreso.

@@@

Binabasa nyo ito, marami nang pinasasaya si Cong Jolo sa isang buwang selebrasyon ng kanyang 35th birthday sa Marso 15.

Nitong Marso 11, napanood ang FB live via online sa kanyang FB account ang Cong Jolo Birthday Giveaway.

Balato naman sa 4 winners of 100,000 pesos each; sa 6 winners of 50,000 pesos each: 12 winners of 10,000 pesos each: 40 winners of 5,000 pesos each.

At 100 winners of 1,000 pesos each; 1,000 winners of 500 pesos each, at maraming iba pang aginaldo!

Kaya wag magtaka kahit joke e sabihin ko, ayaw ko na sa distrito ko, lilipat na ako sa Distrito Uno.

Happy birthday, Cong Jolo, busy as a bee, aka JoloBee!

Teka, paano si Kuya Banong mo, may gift din?

Samantala, pag wala sa session ng Kongreso, busy si Cong. Jolo sa pamimigay ng ayuda sa seniors, farmers and fisherfolks, student scholars, PDWs, barangayan consultation, at pagbisita sa ipinagagawang flood control projectsa Rosario at iba pang serbisyong JoloCares.

Why not, magandang tunog: JoloBee!

Ay, talagang gusto ko nang maging residente ng ... saan ba, sa Kawit, sa Noveleta, o sa Cavite City, o sa Rosario?

Magkomento sa taparaneliseo@gmail.com

Happy reading.

# RIP, Tau Gamma Phi



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

HAZING! kalupitan ito, taong-hayop ang gumagawa nito sa ngalan daw ng kapatiran, ng brotherhood.

Itong Senado, biglang angkas agad sa isyu ng pagkamatay ni Tau Gamma Phi (TGP) neophyte John Mattew Salilig at hindi hayaan muna ang imbestigasyon ng NBI at ang pulisya nang masampahan ng kasong murder o frustrated murder ang pumatay sa 24-anyos na Adamson University.

Notorious itong Tau Gamma Phi na ito, ayon sa ating resaerch, kasi noong Dec. 2022, napatay rin sa gulpe ang ka-brother nila na si Rommel Baguio ng University of Cebu.

Ang masakit, kungdi pa nagreklamo ang nanay ni Rommel, si ma'am Leny hindi pa mabibisto ang kahayupang ginawa ng TGP, kasi sa sumbong sa Public Attorney's Office (PAO), hindi raw kumilos ang management ng University of Cebu para mapanagot ang "brothers" ng "pataynity" na ito.

Ano ang gagawin ng Senado, aamendahan nila ang Anti-Hazing Act of 1995 at RA 11053 of 2018 kasi patuloy ang hazing, ganun?

Sina Salilig at Baguio, ayon sa ating research ang ika-16 at ika-15 hazing victim ng TGP -- na sa paniwala ko, dapat nang i-ban.

Alam nyo ba, na si Gonzalo Mariano Albert ang unang nairekord na biktima ng hazing ng Sigma Phi frat sa University of the Philippines (UP) Diliman noong Hulyo 18, 1954?

Kasunod, namatay sa gulpi (hazing) sa UP Diliman din, noong 1967, si Ferdinand Tabtab ng Alpha Phi Omega (APO).

'Yung isang kapatid ni dating Sen. Gringo Honasan ay namatay rin sa hazing ng ka-brother na Beta Sigma ng San Sebastian College-Recoletos Manila, Agosto 21, 1976.

Tatlong kadete ng Philippine Military Academy (PMA) ang namatay na rin sa hazing, dalawa rito ay sina Manuel Salas, (1978) at Nob. 1981, si Andres Ramos Jr.

At noong 1983, sa UP Diliman, Hulyo 1983, Arbel Liwag ng Beta Sigma.

For the record, may nahatulan na guilty sa kasong murder, Setyembre 8, 1991 sa pagkamatay ni Raul Camaligan ng Lex Talionis, San Beda College, Manila; Okt. 13, 1991, napatay ng Alpha Phi Omega ang "kapatid" nito na si Frederick Cahiyang ng UP Visayas, Cebu City.

Napakarami nang namatay sa hazing, kailan kaya ito matitigil, kaya ang ating payo sa mga magulang, bantayan ang inyong mga anak -- 'wag na silang pasalihin sa mga frat, lalo na sa Tau Gamma Phi na balita natin, kahit tambay sa kanto, kinukuhang brother para pamparami ng miyembro.

Maging sa Philippine National Police, Philippine Merchant Marine Academy at sa Philippine Army, Philippine Merchant Maritime Institute (Makati) may mga namatay na rin sa hazing.

Sa maraming UP campus, marami ring frat ang kilabot sa pagpatay sa nais maging kapatid nila.

Ilan sa nakita nating namatay sa hazing na gawa ng Tau Gamma Phi noong Marso 3, 2006, Clark Anson Silverio, Tau, Technological University of the Philippines, Manila; Dennie Africa, Agosto 18, 2006, Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa, Muntinlupa City; Enero 28, 2007, Mark Rodriguez, Central Luzon State University, Science City of Muñoz, Nueva Ecija; at Marso 11, 2007, Ronald Sequeña, Tau Gamma Phi, Palawan State University, Puerto Princesa City.

Agosto 2, 2008, napatay ng TGP si Chester Paulo Abracias ng Enverga University, Lucena City, Quezon; 2009, sa Davao City, Karl Anthony Gaudicos, Tau Gamma Phi Tau Gamma Sigma,Holy Cross of Davao College, Davao City.

Naging biktima rin ng TGP noong Okt. 27, 2010, si Noel Borja Jr., DepEd Alternative Learning System, Manila; Set. 15, 2011, napatay si Nor Silongan ng TGP ng Notre Dame of Tacurong College, Tacurong City, Sultan Kudarat.

Ito pa ang biktima ng Tau Gamma Phi: Hunyo 28, 2014, Guillo Servando,De La Salle–College of Saint Benilde, Manila: Nob. 2, 2014, Ariel Inofre, Southern Luzon State University, Quezon.

Nabiktima rin ng TGP si Anthony Javier, Western Mindanao State University, Zamboanga City, Set. 30, 2015; Peb. 16, 2020, Omer Despabiladeras, Solis Institute of Technology, Bulan, Sorsogon.

Tau Gamma Phi rin ang nakapatay kay Joselito Endidiado, Nob. 15, 2020, Zamboanga National High School West, Zamboanga City; Marso 20, 2022, Reymarc Rabutazo, TGP neophyte, isang high school student sa Kalayaan, Laguna.

Kilabot na mamamatay-tao ang TGP.

Iwasan nyo ang 'pataynity' na ito, at mas mabuti, 'wag nang sumali pa sa kapatiran o brotherhood kuno na pumapatay ng kanilang kapwa kapatid.

Sa mga namatay gawa ng Greek letter society, Rest in Peace!

# Itaas ang sahod ng Cafgu



SIGAW AT PANANAW

by Jojo SICAT

MARAMI sa mga kasapi ng Cafgu (Civilian Armed Forces Geographical Unit) ang madalas napapatay sa pakikipaglaban sa mga rebeldeng grupo at madalas, sila ang unang sumusugod sa bakbakan sa mga kalaban ng gobyerno.

Pero, mga kapatid, alam nyo ba kung magkano lang ang natatanggap na "sahod" o bayad na tatanggap ng ating magigiting na Cafgu?

Naku! Hindi hamak na mas malaki pa ang natatanggap ng security guard sa kabila na buwis buhay sila sa kanilang kabayanihan para sa bayan.

Atin pong kinikilala at sinasaluduhan ang kanilang sakripisyo at kabayanihan sa bayan, pero sana naman, abigyan ng pansin ng ating gobyerno at ng mga mambabatas ang kalagayan ng Cafgu.

May mga pamilya rin sila na na umaasa sa araw-araw na gastusin kaya ngayon na ang panahon para bigyang pansin ang kanilang kalagayan at suklian ng tama at sapat ang kanilang kabayanihan.

Nawa, makarating sa gobyerno ang karaingang ito na matagal nang hinihingi ng mga kapatid nating Cafgu -- na sila ay mabigyan ng pagkilala at sapat na sahod na aakma para masuportahan ang kanilang mga pamilya.

Huwag na nating antayin pa dahil sa pagpapabaya ng gobyerno, matulad sila sa ilang tiwaling dating mga sundalo na napasok na naging "gun for hire" tulad ng mga naarestong suspek sa karumaldumal na pagpatay kay Negros Oriental Governor Roel Degamo at ilan pang sibilyan.

Hwag naman po na mangyari kito sa kanila na kumakapit sa patalim upang makaraos ang kanilang pamilya sa araw-araw na panngangailangan.

Dapat na magamit ang kanilang katapangan sa kabayanihan sa halip na mahikayat ng ilang sakim sa kapangyarihan na gumawa ng kriminalidad dahil sa kapos na kapos ang sinasahod ng Cafgu para sa ikabubuhay ng kanilang pamilya.

'Yang Cafgu ay naitayo sa pamamagitan ng Executive Order 264 na inilabas noong July 27, 1987 ni dating Pres. Cory Aquino para labanan ng mga rebelde.

Sana ay itaas sa mahigit na P4,500 kada buwan na sahod ang ibigay sa Cafgu na buwis-buhay ang trabaho nila para sa ating bayan.

@@@

Jeepney modernization, talo ang tsuper, talo ang kooperatiba!

Parang naniniwala tuloy ako sa sinabi kamakailan ni Senador Raffy Tulfo na may mga tumutulo ang laway para kumita ng limpak-limpak na sa salapi sa isinusulong na PUV Modernization Program.

Hindi po ba, ilang beses nang na-postpone ang planong phase out ng ating traditional jeepney pero may mga taong nais pa rin itong ituloy hanggang sa katapusan ng 2023.

Sa pagdinig kamakailan sa Senado, malinaw pa sa bolang crystal na hindi pa handa ang DOTr at LTFRB na maipatupad ang naturang programa.

Kailangan pa bang i-memorize yan na hindi kakayanin ng ordinaryong tsuper na bayaran ang P2.6 milyong halaga ng isang yunit ng modern jeepney na kumikita lamang ng P750 kada araw.

Malinaw sa huli, manufacturers ang posibleng kumita dito, dahil nakaprenda ang kooperatiba at ang prangkisa nito kung hindi mababayaran ang hulugang PUV.

Kapag nangyari ito, ang car manufacturer na ang magtuloy-tuloy ng biyahe at maaring kumita pa sa huli, hahaha, yes, pwedeng mangyari ito.

Naisip kaya ito ng mga nagsusulong ng programa o baka namen... Ha ha ha .. Alam na this!

@@@

Mabuti na naman kasabay ng ginawang tigil pasada, sinabi ni DOTr Secretary Jaime Bautista

Sundan sa p.6

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
GENE TAPARAN TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
LOD BELTRAN
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Carmona PDAO: CSC 2022 National Presidential Lingkod Bayan Awardee

CONGRATULATIONS!

Sa kanyang Facebook page, malugod na binati ni Carmona Mayor Dahlia Loyoa ang Persons with Disability Affairs Office (PDAO) ng kanyang munisipalidad sa karangalang natamo muna sa Civil Service Commission (CSC).

Kilala lang naman ang Carmona PDAO na national winner ng 2022 Presidential Lingkod Bayan Awardee para sa Group Category.

Ang pagkilalang ito ay ibinibigay sa mga indibidwal o grupo na may exceptional o extraordinary na kontribusyon sa ngalan ng public interest, security, at patrimony.

Sabi pa sa Facebook post: "Ang tagumpay na ito ay para sa ating mga kababayang PWDs at patunay na ang Carmona ay isang inklusibong komunidad."

Sabi pa ni Mayor Loyola: "Ito po ay magsisilbing inspirasyon sa atin upang ipagpatuloy ang serbisyo publiko kung saan "No One Should Be Left Behind."

"Muli, congratulations po sa ating lahat!"

Tunay na totoo ang hashtag ng Carmona PDAO: #NoOneShouldBeLeftBehind #PDAO /BBNP



*KALINGA sa PWDs tunay na kailangan, mabuhay, Carmona PDAO!*

## IMUS CITY GOVERNMENT CENTER OFFICE DIRECTORY

### LOWER GROUND FLOOR
- CITY PUBLIC LIBRARY
- CANTEEN
- PARKING
- EMPLOYEES WELLNESS CENTER

### UPPER GROUND FLOOR
- CITY TREASURER'S OFFICE
- BOSS – BUSINESS ONE STOP SHOP
- BUSINESS PERMIT AND LICENSING OFFICE
- CITY CIVIL REGISTRY OFFICE
- OFFICE OF THE SENIOR CITIZENS AFFAIRS
- PERSONS WITH DISABILITY AFFAIRS OFFICE
- LOCAL HOUSING BOARD
- FIRST AID STATION/DAY CARE/LACTATION STATION
- CITY SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT OFFICE
- LOCAL ECONOMIC DEVELOPMENT AND INVESTMENT PROMOTIONS OFFICE
- DTI – GO NEGOSYO CENTER
- CITY ASSESSOR'S OFFICE

### SECOND FLOOR
- CITY INFORMATION OFFICE
- CITY SANITATION UNIT
- CITY TOURISM AND DEVELOPMENT OFFICE
- CITY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE
- CITY VETERINARY OFFICE
- CITY OF IMUS COOPERATIVE AND LIVELIHOOD ENTREPRENEURIAL AND DEVELOPMENT OFFICE
- DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT OFFICE
- POPULATION AND DEVELOPMENT OFFICE
- TRICYCLE REGULATORY UNIT
- CITY AGRICULTURAL SERVICES OFFICE
- CITY OF IMUS TRAFFIC MANAGEMENT OFFICE
- CITY PARKS AND HISTORICAL SITES ADMINISTRATION UNIT
- CITY OF IMUS SPORTS DEVELOPMENT UNIT
- CITY GOVERNMENT OF IMUS EMPLOYEES MULTIPURPOSE COOPERATIVE
- OFFICE OF THE CITY CHAPLAIN
- PUBLIC EMPLOYMENT SERVICES OFFICE
- OFFICE OF THE CITY BUILDING OFFICIAL
- CITY PLANNING AND DEVELOPMENT OFFICE
- ONE-STOP SHOP FOR CONSTRUCTION PERMIT

### THIRD FLOOR
- CONGRESSMAN'S OFFICE/ACTION CENTER
- YOUTH AFFAIRS OFFICE
- CITY BUDGET OFFICE
- CITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
- COMMISSION ON AUDIT
- HUMAN RESOURCE AND MANAGEMENT OFFICE
- CIVIL SECURITY UNIT
- OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR
- OFFICE OF THE CITY MAYOR
- CITY ACCOUNTING OFFICE
- BARANGAY ACCOUNTING
- CITY LEGAL OFFICE

### FOURTH FLOOR
- CITY ENGINEERING OFFICE
- CITY ARCHITECTURAL PLANNING AND DESIGN OFFICE
- CITY INFORMATION TECHNOLOGY AND RECORDS MANAGEMENT UNIT
- LOCAL GOVERNANCE RESOURCE OFFICE
- CITY OF IMUS POLYTECHNIC INSTITUTE
- HRMO COMPENSATION AND BENEFITS
- GENDER AND DEVELOPMENT UNIT
- ANGAT IMUS HOMEOWNERS' ALLIANCE, INC.
- SANGGUNIANG PANLUNGSOD SESSION HALL
- HRMO TRAINING CENTER
- GENERAL SERVICES OFFICE
- CIVIL SOCIETY ORGANIZATION OFFICE

### FIFTH FLOOR
- OFFICE OF THE CITY VICE MAYOR
- OFFICE OF THE SP SECRETARY
- RECORDS AND LEGISLATIVE SECTION
- ABC/LIGA NG MGA BARANGAY NG IMUS
- SANGGUNIANG KABATAAN FEDERATION OFFICE
- COUNCILORS' OFFICE



**MAYOR Alex 'AA' ADVINCULA**



**VICE MAYOR Homer SAQUILAYAN**

# Kudos and more good accomplishment, Imus PNP!



**REVANZE**
**by Domz B. CAOILE**

First, thanks to Lt. Colonel Michael Batoctoy for the invitation to serve as member of the Imus City Advisory Group in connection with the PNP's P.A.T. R. O.L. plan 2023 which is in process of institutionalization status.

It's an honor to be part of the Imus Component City Police Station Advisory Group for this year.

Now, for the "meat" of our last visit with energetic Imus City police chief, Lt. Col. Batoctoy.

Since he took over as Imus City police chief, Batoctoy has imparted the successful implementation of their programs, projects, and activities (PPAs).

Ang galing nyo, kasi nakita ko, malaki ang ibinuti ng kaayusan at katahimikan sa ating lungsod, ito ay bunga ng police presence sa mga lugar na sabi nga, posibleng pangyarihan ng kaguluhan at kriminalidad.

Aba, kahit iilan lang ang police personnel niya sa dami ng mahigit na 800K populasyon ng ating siyudad, nagagawa pa rin sa kasalukuyang liderato ni Sir Michael Batoctoy napananatili ang ating kaayusan at katahimikan.

That's to me is a very good accomplishment!

"Hindi naman namin magagawa ang lahat ng ito, siyempre dahil sa malaking suporta na ibinibigay sa amin ni Mayor (Alex) Advincula at ng mga opisyal ng city government," Sir Batoctoy said.

He is right because the maintenance of peace and order and the campaign against criminality do not rest solely on the shoulders of the police force and other law enforcement agencies.

And very crucial is the cooperation of the local government officials and the community.

Accorfing to Lt. Col. Batoctoy, he has conducted meetings with the barangay officials and with their cooperation, individuals who were suspected to be involved in criminality, e.g. illegal drugs, illegal gambling, and other crimes against person were arrested and now facing charges in courts.

"Siyempre po, araming-maraming salamat sa aming provincial police director, Colonel Christopher Olazo sa kanyang pagtitiwala at pagsuporta sa amin. Dahil sa kanyang guidance, nagagawa namin ang aming trabaho," Sir Batoctoy said.

As of this writing, Sir Michael said his men and women are conducting continued operations, including the implementation of quarantine protocols; information, education, and communication campaign; establishment of police assistance desks in public places; and conduct of foot, mobile, and motorcycle patrols.

Nakikipag-coordinate din ang tropa niya sa ating City Traffic Management Group, sa Civil Security Unit at siyempre, in the fight against illegal drugs trade, with the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Sabi ni Sir Michael, kasama sa misyon ng Imus police at PDEA ay ma-identify ang mga barangay na "moderately affected" at "seriously affected" at ang mga "drug free" na lugar sa lungsod,

Pag magkatuwang ang pulisya, alkalde at komunidad, maaasahan natin ang ligtas na lungsod.

And of course, sa ating siyudad ang Sangguniang Lungsod sa pamamagitan ni Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan na aalalay sa pagpapasa ng mga resolusyon at/o ordinansa sa magpapalakas sa kilusan laban sa kriminalidad at maintenance of peace and order in our beloved component City of Imus!

Sa inyong lahat, kudos!



*Imus Police Chief Lt. Col. Michael Batoctoy with your columnist DBC*

# LIGTAS SI MUNING, SI BANTAY

NAKAMAMATAY ang impeksiyo ng rabbies, kaya ang daming pinasayang pet owners ang Imus Veterinary Services Office (IVSO) sa libreng pagbabakuna ng pusa at aso na sinimulan ni Dr. Maribel Depayso sa selebrasyon ng Rabies Awareness Month.

Nitong nakaraang Pebrero 28 (Martes) at Marso 1 (Miyerkoles) matiyagang pumila ang mga residente ng Barangay Maharlika, Bagong Silang, at Bayan Luma 1 at 3.

Maraming Muning at Bantay ang binakuhan kontra rabies kaugnay ng pagdiriwang ngayong Marso ng Rabies Awareness Month batay sa Executive Order No. 84 taong 1999.

Nagbibigay rin ng libreng pagkapon ng aso't pusa ang opis ni Dr. Depayso at patuloy rin ang operasyon laban sa mga asong siga na dinadala sa Dog Pound.

May programa rin ng pag-aampon ang IVSO. / ET II

#AAngatAngImus #RabiesAwarenessMonth







*Photo shows Dr. Maribel Depayso, Iniiniksiyonan ng anti-rabies si Muning.*

# Cavite History ituro sa mga paaralan!



**SA TOTOO LANG!**

by GENE T. TAN

KUDOS kay Cagayan de Oro Representative Rufus Rodriguez sa kanyang iniharap na House Bill 1461 na ang layunin ay ituwid at bigyang karangalan ang mga bayaning rebolusyonaryo mula sa Mindanao na nagbuwis ng buhay sa digmaan sa paglaya laban sa kolonyalistang Kastila at Amerikano.

Kasi nga naman, sa maraming history books na itinuturo sa mga paaralan --publiko at pribado -- pawang taga-Luzon ang mga bayaning kilala ng ating kabataan.

Napakalaki ng ambag ng mga bayaning mandirigma sa Mindanao at sa Visaya kaya nakamit ang Kalayaan ng bansa na idineklara noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite.

Nabanggit ko ito kasi sa ating lalawigan, hindi yata kasama sa curriculum ang pagtuturo ng buong kasaysayan ng Cavite: mga Katipunerong Magdalo at iilang bayani sa panahon ng pananakop ng US at Japan ang naituturo sa ating mga kabataan.

Wala po ba sa marami nating kongresista at senador na maghahain ng katulad na panukalang batas na mag-uutos sa mga paaralang bayan at pribado, mga unibersidad sa Cavite na isama sa ituturo ang History of Cavite.

For the sake of truth and for history, at sa layuning itanim sa kabataang Cavitenyo ang patriotismo at pagdakila sa mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa ating kalayaan, ituro ang bayaning nagpakamatay para sa bayan noong digmaang Kano at Hapones.

Bakit ko sinasabi ito, kasi partikular, interesado ako sa mga bayaning gerilya ng Naic, lalo na ang Taparan Guerilla Unit na sa angkang ito ako nagmula.

Lolo ko si Colonel Esteban Taparan na ama ng aking namapayang ina, Mrs. Estebana 'Eva' Taparan-Tan.

Si Lolo Teban, kasama si Lolo Meliton Wakay ng noon ay Bo. Halang, Naic Mayor Emilio Arenas at kapatid nito, Jose Arenas, pamilyang Hernandez ay itinatag ang yunit ng gerilya noong 1942.

Kasama sa yunit na ito ang mga kapatid ni Lolo Teban, sina Major Eliseo Taparan at Captain Elias Taparan na ayon sa nabasa ko, sa bahay ni Lolo Meliton Wakay sa Halang ginanap ang pulong sa pagtatayo ng pangkat ng gerilya laban sa mapanakop na sundalong Hapones.

Sa huling labanan noong 1944 sa Ternate, Cavite, tinamaan ng sharpnel ng bombang pinaputok ng kaaway sa tagiliran si Lolo Teban na namatay dahil sa pagkaubos ng dugo.

Marami pang kuwento ng kabayanihan nina Lolo Teban at ng pangkat niya ang naririnig ko, pero walang aklat o tala sa mga pangyayari noon WW II na naisulat.


Sabi, mayroon isang aklat sa Western Cavite Institute (WCI); sabi may panukala noon na pangalanang Taparan Cavite Institute ang WCI; sabi aayusin ang monumento ng Taparan's Guerilla Unit sa Brgy. Sabang; sabi maglalagay ng historical marker sa lumang bahay ni Lolo Meliton Wakay dahil doon naitayo ang Taparan's Guerilla Unit.

Sabi, aayusin ang puntod ni Lt. Col. Esteban Taparan at ni Major Eliseo Taparan sa Naic cemetery.

Si Capt. Elias Taparan ay walang puntod pagkat nawalang bigla, ayon sa mga kuwento, noong 1946 ay dinukot, pinahirapan at pinatay ng mga nakaalitang politiko at gerilya noong digmaan.

Bawat bayan at siyudad sa Cavite, may kani-kaniyang mga "unsung heroes" o limot na mga bayani na panahon nang ungkatin, saliksikin, isulat, parangalan at dakilain ang kanilang ambag sa ating kalayaan.

Bawat kongresista natin, pakiusap na sana ay magpanukala ng batas na pagtatayo ng isang komisyon -- na popondohan ng gobyerno o ng salaping mula sa kanilang pork barrel -- na magsasaliksik, magsusulat, maglalathala sa kasaysayan ng ating mga bayani noong panahon ng Filipino-American at Japanese Occupation.




Bayani ang angkan ni 4th District Rep. Pidi Barzaga, simula sa nuno niyang si Francisco Barzaga.

Sa ibang bayan, may mga politikong halal ngayon na mula sa angkan ng ninunong bayani, at panahon na upang ikintal sa isip at puso ng kabataang Filipino, lalo na ang mamamayang Cavitenyo na kilalanin, parangalan at gawing imortal sa mga aklat, museo, exhibit o pagpapangalan sa kanila ang mahahalagang pook, kalye o okasyon sa kani-kanilang bayan at siyudad.

Sa aming bayan, munting hiling ko: sana ay maayos, mapaganda ang munting alay na historical marker ng Taparan's Guerilla Unit sa Brgy. Sabang intersection papuntang Maragondon at Ternate na malapit sa ating munisipyo.

Ikinararangal ko ang aking Lolo Meliton Wakay at Lolo Teban, Lolo Eliseo at Lolo Elias Taparan at ang mga kasapi ng Taparan's Guerilla Unit!

Sana may magsa-aklat ng kanilang kabayanihan; sana malagyan ng makasaysayang tanda ang bahay ni Lolo Meliton sa Brgy. Halang na duon itinayo ang Taparan's Guerillay Unit na nagpalaya sa mamamayan ng Naic sa panahon ng pananakop ng Hapones.

Salamat po sa itinigis nyong dugo para sa kalayaan!

Para sa inyong komento: sarfia926@gmai.com






# Itaas ang sahod...

mula sa pahina 3

na nakikipag-usap sila sa local manufacturers tulad ng Francisco Motors na nagsabing gagawa rin sila ng modern jeepney na mas mura sa imported jeepney na "Made In China."

Binanggit ni Sen. Francis 'Chiz' Escudero na yung modern jeepney na "Made In China" na binili nila noong gobernador siya ng Sorsogon ay dalawang taon lamang na nagamit dahil walang mabiling piyesa.

@@@

Kung hindi na ituloy ang jeepney modernization program, pakiusap, pwede po na sa ating mga operator at driver na palitan ng bago ang kakarag-karag at mauunsok nyong PUV.

Ay, grabe ang polusyon sa hangin ang ibinubuga ng inyong jeepney.

Baka pwede naman ang kahit konting pagtingin at malasakit sa inyong commuters kasi para kumita, wala na kayong pakialam sa napaperwisyo sa maiitim, makakapal na usok na bulok-bulok nyong passenger jeepneys.

Disiplina po sa kalsada at malasakit sa kapwa mamamayan at kalikasan ang gawin nyo nang hindi na ipagpilitan ng gobyerno na mabura na kayo sa mga lansangan.

Kung disiplinado kayo, at mapagmahal sa tao at kalikasan, at inaalagaan ang inyong sasakyan, hindi na siguro makiisip ang phase out ng jeepney.

Mga katotong jeepney operators and drivers, pakiayos naman!

Paa sa inyong violent o magandang reaction, send us message to jojosicat111765@yahoo.com

# Kung walang Eva, paano si Adan, hehehe.



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

NANG likhain ng ating Ama ang paraiso, nakita niya, malungkot, kaya kumuha siya ng alabok, inihugis sa kanyang anyo at hiningahan ng buhay, nalikha ang unang tao: Lalaki, si Adan.

Nakita ng ating Ama, di tama na nag-iisa lang si Adan, kailangan na may kasama siya, kaya pinatulog niya ito, kinuha ang isang tadyang, inihubog at hiningahan ng buhay at nalikha ang unang babae -- si Eva.

Sinabihan ng Diyos ang unang mag-asawa na magpakarami at kalatan ang mundo ng tao.

Alam na natin ang istorya: natukso ng Ahas si Eva, pinalayas ang unang mag-asawa sa Eden, ang paraiso.

Sa iba-ibang tradisyon, lalaki ang namumuno sa pamilya, at may mga kulturang itinuturing na "personal na pag-aari ang babae."

Pero may ibang tribo na mas angat ang babae sa lalaki at babae ang nasusunod sa gobyerno, sa pamilya at sa lahat ng gawain sa buhay.

Alam na natin, maraming kilusang naging malupit na ipinaglaban ng babae ang kanilang karapatan na iangat ang sarili -- na hindi kakumpetensiya ng lalaki.

Kaya isinilang ang International Women's Month at ito ang ipinagdiriwang ngayong Marso.

Babae, paano ka na kung wala kami sa buhay nyong Lalaki -- na tanong na hindi na kailangang sagutin.

Ubos ang lahing tao kung wala ang babae.

Sa kapwa ko babae, mabuhay tayo, at sa katuwang sa buhay na lalaki, pagmamahal, paggalang at pagkilala na may p;agkakaiba kami sa inyo, sa ugali, sa pisikal at emosyon ng pagkalikha sa atin ng Ama.

Tandaan nyo, wala kayo, kung wala kami!

Bago ko makalimutan, belated Happy Birthday po sa aming First Woman president ng National Press Club, madam Lydia Bueno.

Siya po ang Editor-in-Chief ng Remate News Central, at kahihirang lang na Deputy Chair ng Movie Television Review and Classification Board (MTRCB).

Congratulations po, Madam NPC president Lydia Bueno!

@@@

Patunay na kayang ng babae na ma-achieve ang kaya ng lalaki, at matamis na pagbati, pagyakap sa limang babae na kasama sa Top 10 ng PNPA Class of 2023.

Sa Philippine National Police Academy "Masidtalak" Class of 2023. tumatak ang husay ninaJail Cadet Mary Louise Moyano (Rank 3); Police Cadet Claire Gean Pambid (Rank 5); Police Cadet Gezelle Sadian (Rank 6); Fire Cadet Gillian Torlao (Rank 7) and Police Cadet Kimberly Cruz (Rank 10).

Awesome, sabi nga ng aming Editorial Consultant, guru, Kuya Eli Taparan aka Kuya Banong!

Sabi ng PNPA: si Moyano, na tubong Gumaca Quezon ay magiging miyembro ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP).

Tumanggap si Moyano ng Secretary of the Interior and Local Government (SILG) Kampilan Award, BJMP Kampilan Award, at Servant Leadership Award.

Mabuhay Ka, Babae!

Send us your reactions to: arzmedia777@yahoo.com




# Tagaytay City Mayor Tolentino named Executive of the Year




READ: Grateful and honored to be named Executive of the Year for the second straight year by the Philippine Sportswriters Association. This award is a testament to the hard work and dedication of POC - Philippine Olympic Committee - Olympic.PH and all of the men and women who work tirelessly for Philippine Sports.

Thank you PSA for this recognition and to all the athletes, coaches, and sports fans who inspire us every day. We look forward in continuing the support to our national athletes in the years to come as it should be. Congratulations to all the awardees, let us continue to strive for greatness. Salamat at Mabuhay ang Philippine sports!□□□/ Mayor Tolentino's social media page

# DUCK, COVER AND HOLD!

NAKIISA ang mga kawani ng Philippine Information Agency CALABARZON sa isinagawang 1st Quarter Nationwide Simultaneous Earthquake Drill (NSED) ngayong Huwebes, Marso 9.

Sabayang nag-DUCK,COVER AND HOLD ang mga empleyado ng ahensya, bilang bahagi ng drill, pinangunahan rin ng Human Resource Focal Person ang evacuation at accounting ng mga kawani.

Layunin ng NSED na sanayin ang bawat isa kung ano ang dapat at tamang gawin sa oras na mangyari ang isang lindol.

#BidaAngHanda
#ResiliencePH
#LagingHandaCalabarzon

Philippine Information Agency Calabarzon






# Cavite PPO launches "On-the-Spot Painting Contest"

TO highlight the enormous contribution of women in our society, the Cavite Police Provincial Police Office (CPPO) blasted off a painting contest in connection with the celebration of Women's Month.

CPPO director Colonel Christopher Olaza said the contest is open to all amateur and professional young Cavitena artists, ages 18-30 and must be a bonafide resident of Cavite.

The Theme: "We for Gender Equality and Inclusive Society".

All interested to join must register through until March 11, 2023 and show proof of residency. No walk in participants will be entertained.

The CPPO said participants shall bring their own oil painting materials: oil and an 2x3ft Canvas. They may bring their own table mount, stand and easel board.

A total of 4 hours is given to participants to finish their art work and must be done within the allotted time.

Artists shall provide a short description of their works to be written on the registration form.

The criteria of judging will be based on : (1) Content and relevance to the theme 40% (2) Interpretation and clarity to the viewers 15% (3) Creativity, uniqueness and originality of the artwork 30% and (4) Overall quality of the artwork and artistic skill demonstrated 15% with a total of 100%

A cash prize of Php 20,000 for First prize; Php 15,000, Second Prize; Php 10,000, Third Prize.

Winners shall received Certificate of Participation and Token of Appreciation. /PIA Cavite, DBC



**CPPO director Colonel Christopher Olaza**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 23 | 10.00 | MARCH 6 - 12, 2023

# Flood Control Project sa Distrito Uno!

TAON-taon, problema ang pagbaha sa Distrito, lalo na sa mga bayan ng Noveleta at Rosario na 'catch basin' ng rumaragasang tubig ulan mula sa mataas na lugar sa Cavite.

Isa ito sa proyektong inumpisahan ni Cong. Jolo Revilla at sa mga larawang ito, kasama si Rosario Mayor Voltaire Ricafrente at mga opisyal ng Cavite DPWH, binisita ang konstruksiyon ng malalaking kanal at lagusang tubig nang hindi na maperwisyo ng baha ang mga residente ng Distrito Uno.

Sabi sa FB post ni Cong. Jolo, binabantayan ang proyekto "para hindi masayang ang pondo ng bayan at mapakinabangan ng mamamayan."

Aniya pa, kanyang sisiguruhin na unti-unti, masosolusyunan ang pagbaha hanggang sa tuluyang hindi na ito maranasan ng ating mga kababayan sa Distrito Uno.

Isa itong hamon kay Cong. Jolo na sa tulong ng mga alkalde ng Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City, "unti-unti, masosolusyonan ang pagbaha hanggang sa tuluyang hindi na ito maranasan ng ating kababayan." **/ET II**





***INIINSPEKSIYON nina Cong. Jolo Revilla at Rosario Mayor Voltaire Ricafrente ang ipinagagawang malalaking dike, kanal para mapigil ang taon-taon perwisyo ng pagbaha sa Distrito Uno. / kuha sa FB page ng kongresista.***



# Cong. Jolo busy as a bee!



**Here n There**

**ni ELI TAPARAN ii**

AY, talaga, pag-uwi ko sa July, sa Cavite First District na ako magpaparehistro, ayaw ko na sa Bacoor City, char, ... ups, belated happy birthday sa aming mayor, Strike B. Revilla (Edwin Mortel Bautista, March 2) at kay Sir Sen. Ramon Revilla (Jose Acuna Bautista, March 8).

Kasi naman itong anak-anakan kong si Vice Gov, este Cong. Jolo Revilla 3rd (Jose Lorenzo Hernandez Bautista) e sobrang daming ginagawang magagandang proyekto sa Distrito Uno.

Cong JoloBee na ang itatawag ko sa kanya: kasi laging busy!

Unang araw pa lang sa Kongreso, 10 House Bill ang iniharap niya: lahat ay programa para sa edukasyon, kalusugan, hanapbuhay, trabaho, infra, tulong sa seniors, PWDs, drivers, fishermen. farmers, at inaapura ang flood control project para mabilis mawala ang tubig-baha sa Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City.

At kahit di taga-Distrito Uno, sige pa rin si Jolo -- parang bubuyog, walang pagod sa pagtulong, kaya gusto kong itawag sa kanya ay JoloBee.

Yes, "mali" ang pagpapalaki sa kanya nina kabayang Sen. Bong Revilla at Cong. Lani Mercado-Revilla: hindi tinuruang magsabi ng. "No!"

Laging "Opo," "Gagawan po natin ng paraan," "Kakausapin ko po 'yung makakatulong sa atin," "Umasa kayo, pagtutulungan natin, aayusin natin 'yang problema nyo."

Sa isip, sa puso ni JoloBee, problema rin niya ang (mga) problemang inihihingi ng tulong sa kanya.

@@@

First encounter ko kay Jolo e barangay Hall ng Panapaan 7 kasama ang tropang media, nagkataon na malakas ang ulan, at maraming lugar sa Bacoor ang binabaha.

Nakita ko: si Kapitan Jolo, lumulusong sa baha, nag-aayos ng relief goods na ikakarga sa van para dalhin sa flash flood victims.

Ipinakilala ako ng tropa kay Kap Jolo, ngumiti siya nang sabihin ko, "Kaaway ko Daddy mo!" -- na sinagot niya, "Kayo naman po, e friend ko."

2013, nang mag-file si Jolo ng candidacy niya for vice-governor, nagkita kami ng aking "enemy" (Sen. Bong Revilla), nagtaka siya at tinanong ako: "Ba't kasama mo, anak ko?" at ang sagot ko: "Alaga ko siya, ako ang PR man niya," na hindi naman totoo.

Nang manalo si Jolo, inalok niya ako na maging media relation officer (MRO) na tinanggap ko, sa isang kondisyon: One peso a year ang sahod ko!

2022, dehins ko personal na natulungan si VG Jolo kasi, bumalik ako rito sa Canada, 2019 para i-renew ang aking permanent resident card para ma-avail ko ang maraming privileges ko as a landed immigrant, lalo na ang Medical Service Program.

Sa kainitan ng kampanya, dalawang loko ang nagbanta na idedemanda ako ng cyberlibel kasi sinagot ko ang black prop laban sa pamilya Revilla, bunga ng desperadong tangka na talunin si Jolo.

Anaknam %^#@!, e sa dami ng kasong libel na hinarap ko since 1985, wala ni isa ang umabot sa

*Sundan sa p.2*



*Cong. Revilla with lovely wife, ma'am Angelica Alita*